**MGA SUSING KATAGA PARA SA 2020 KOMPERENSYA NG MEMORIAL DAY**

**Kailangan nating makita ang situwasyon ng mundo bilang palatandaan ng pagkilos ng Diyos sa lupa at ang pangitain ng kasaysayan ng mundo mula sa pag-akyat sa kalangitan ni Kristo hanggang sa katapusan ng kapanahunang ito;
kailangan din nating makipagtulungan sa Panginoon upang ipalaganap ang mga katotohanan ng pagbabawi ng Panginoon bilang isang paghahanda para Kanyang pagbabalik
at upang magtiyaga sa panalangin, habang kinikilatis ang "mga tanda ng mga panahon."**

**Kailangan nating makita ang isang espirituwal na pangitain ng trono ng Diyos bilang ang sentro ng administrasyon ng Diyos sa buong sansinukob
at matanto na ang soberanong Diyos ay mayroong lubos na kapasidad upang isagawa kung ano ang Kanyang ninanais ayon sa naisin ng Kanyang puso at ayon sa Kanyang walang hanggang ekonomiya, habang Kanyang pinamumunuan ang lahat ng tao at lahat ng bagay.**

**Ngayon ang daan upang mapasigla ay ang tumugon sa pagtawag ng Diyos na maging Kanyang mga mandaraig, ang Kanyang pampanahunang instrumento, upang ibaling ang kapanahunan;
ang isang mandaraig ay isang masiglang tao, at ang masiglang tao
(isa na buhây at aktibo) ay isang taong nananalangin.**

**Ang kasal ng Kordero ay ang kinalalabasan ng pagkumpleto ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos, yaon ay ang magtamo para kay Kristo ng isang kasintahang babae, ang ekklesia,
sa pamamagitan ng Kanyang pambatas na katubusan at sa pamamagitan ng Kanyang organikong kaligtasan sa Kanyang dibinong buhay;
ang pagbabawi ng Panginoon ay para sa paghahanda ng kasintahang babae,
na binubuo ng lahat ng Kanyang mga mandaraig.**

*© 2020 Living Stream Ministry*

**Balangkas ng mga Mensahe**
**Para sa Komperensya ng Memorial Day**

**Mayo 22-25, 2020**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ISANG NAPAPANAHONG SALITA HINGGIL SA**
**SITUWASYON NG MUNDO AT NG PAGBABAWI NG PANGINOON**

Mensahe Isa

**Ang Situwasyon ng Mundo bilang Palatandaan ng Pagkilos ng Diyos sa Lupa,**
**Ang Pangitain ng Kasaysayan ng Mundo mula sa Pag-akyat ni Kristo sa Kalangitan**
**hanggang sa Katapusan ng Kapanhunang Ito,**
**Ang Paglaganap ng mga Katotohanan ng Pagbabawi ng Panginoon para sa Kanyang Pagbabalik,**
**at Magtiyaga sa Panalangin, Habang Kinikilatis ang "mga Tanda ng mga Kapanahunan"**

Babasahin sa Kasulatan: Gawa 5:31; 17:26-27; Dan. 2:31-45; Apoc. 6:1-8;
4:1-2; 1:10-11; Col. 4:2; Mat. 24:3-14, 32-34

**I. Kailangan nating mapasa ating espiritu upang maging mga taong nasa lupa na taglay ang puso ng Diyos, mga tao kung saan ang kalangitan ay mabubuksan upang makita ang pangitain ng Diyos hinggil sa kahihinatnan ng mundo—Apoc. 1:10; 4:1-2; cf. Gen. 28:12-17; Ezek. 1:1; Mat. 3:16; Gawa 7:56.**

**II. Ang situwasyon ng mundo ay ang palatandaan ng pagkilos ng Diyos sa lupa—5:31; 17:26-27; Dan. 2:31-45:**

A. Lahat ng mga pangunahing kaganapan sa pantaong kasaysayan ay isinaayos at pinagtugma ng Diyos para sa Kanyang pagkilos sa lupa; yamang ang Diyos ay may isang layunin upang isakatuparan sa sangkatauhan sa lupa, tiyak na Siya ay may soberanong awtoridad upang pangasiwaan ang situwasyon sa pantaong kasaysayan; bilang isang halimbawa, para sa paglaganap ng Kanyang pagbabawi at para sa huling yugto ng Kanyang pagbabawi—ang pagtatayo ng Katawan bilang ang paghahanda ng kasintahang babae—ang Diyos ay soberanong naghanda, nagpreserba, at nagpala sa Estados Unidos—Gawa 17:26; 5:31; Rom. 12:4-5; Apoc. 19:7.

B. Ang buong situwasyon ng mundo kasama ang mga "hapdi ng panganganak" ay para sa pagkukumpleto ng muling pagbubuo ng Israel at para rin sa pagkukumpleto ng lubos na pagbubunga ng pansansiukob na bagong tao—Mat. 24:32-34; Mar. 13:8; Dan. 12:1-2; Apoc. 12:1-2, 5.

C. Ang pangitain ng dakilang pantaong larawan sa Daniel 2 ay isang pangitain ng "kung ano ang magaganap sa mga huling araw" (b. 28); ito ay isang propetikong paglalarawan ng kasaysayan ng pantaong pamahalaan, soberanong isinaayos ng Panginoon para sa pagsasagawa ng Kanyang ekonomiya (bb. 31-35):

1. Ang gintong ulo (bb. 36-38), tumutugma sa unang halimaw sa 7:3-4, ay sumasagisag kay Nabucodonosor, ang nagtatag at hari ng Babilonia.
2. Ang pilak na dibdib at mga bisig (2:39a), tumutugma sa ikalawang halimaw sa 7:5, ay sumasagisag sa Medo-Persia.
3. Ang tansong tiyan at mga hita (2:39b), tumutugma sa ikatlong halimaw sa 7:6, ay sumasagisag sa Grecia, kasama ang Macedonia.
4. Ang mga bakal na hita at mga paa na bahagi ay bakal at bahagi ay luwad (2:33), tumutugma sa ikaapat na halimaw sa 7:7-8, ay sumasagisag sa Emperyo Romano kasama ang huling sampung haring (2:40-44a; 7:7-11, 19-26; Apoc. 17:7-13).

5. Bagamat ang hugis at wangis ng Emperyo Romano ay naglaho, ang kultura, ang espiritu, at ang esensya ng Emperyo Romano ay patuloy na umiiral sa ngayon; sa simula ng matinding kapighatian (Mat. 24:21) ang hugis at wangis ng Emperyo Romano ay mapapanauli sa ilalim ni Antikristo (Dan. 7:12).

D. Ang sampung hari kalakip ang kanilang mga kaharian, sinasagisag ng sampung daliri sa paa ng dakilang larawan sa Daniel 2, ay pagsasama-samahin sa ilalim ni Antikristo, na siyang magiging ang huling Cesar ng napanauling Emperyo Romano; lahat ng mga ito ay magaganap sa Europa—Apoc. 17:10-14:

1. Ang hiwaga ng pagsalangsang ay gumagawa ngayon sa gitna ng mga bansa at sa pantaong lipunan; ang pagsalangsang na ito ay hahantong sa tao ng pagsalangsang, si Antikristo—2 Tes. 2:3-10.
2. Si Antikristo ay magiging ang kapangyarihan ni Satanas, ang pagsasakatawan ni Satanas; kanyang uusigin at wawasakin ang bayan ng Diyos—kapwa ang mga Hudyong natatakot sa Diyos at ang mga Kristiyanong nananampalataya kay Kristo—Dan. 8:24; Apoc. 12:17; 13:7.
3. Bubuwagin at lalapastanganin ni Antikristo ang templo ng Diyos at ang lungsod ng Diyos; kanyang ibabagsak ang katotohanan sa lupa—Dan. 9:27; 8:12.
4. Si Antikristo ay magkakaroon ng matalas na pagkabatid upang maunawaan ang mga bagay at magsasalita ng mga bagay laban sa Kataas-taasan—7:8, 20, 25.
5. Papagurin ni Antikristo ang mga banal ng Kataas-taasan; dapat nating labanan at salungatin ang dahan-dahan, paulit-ulit, madalas, at araw-araw na nakakapagod na taktika ni Satanas—b. 25; Mat. 24:12; Huk. 16:16; Efe. 6:11-13.
6. Ninanais ni Satanas at ni Antikristo ang mga kaluluwa ng mga tao na maging mga instrumento para sa kanilang mga aktibidades sa huling kapanahunan—Apoc. 18:11-13; 2 Tim. 3:5; cf. Zac. 12:1.

E. Sa Kanyang pagpapakita bilang ang bato na pinutol ng Diyos, si Kristo kasama ang Kanyang mga mandaraig—ang sama-samang Kristo—ang hahataw sa sampung hari kasama si Antikristo (Apoc. 19:11-21), sa gayon ay dudurugin ang dakilang larawan mula paa hanggang ulo (Dan. 2:35).

F. Bago maganap ang pagdurog kay Antikristo at ang totalidad ng pantaong pamahalaan, ang pagbabawi ng Panginoon ay dapat lumaganap sa Europa at maugatan doon; ang Europa, sa kasukdulan ng kaganapan ng pangitain hinggil sa dakilang pantaong larawan sa Daniel 2, ay mas krusyal kaysa sa anumang bansa o lahi—ang pagdurog ng dalawang paa ng dakilang pantaong larawan ay magiging ang pagdurog sa buong pantaong pamahalaan—bb. 34-35.

G. Matapos dumating upang talunin si Antikristo at durugin ang kabuuan ng pantaong pamahalaan, ang sama-samang Kristo—si Kristo kasama ang Kanyang mandaraig na kasintahang babae—ay magiging isang dakilang bundok upang punuin ang buong lupa, gagawin ang buong lupa na kaharian ng Diyos; ang kahariang ito ay mapapasukdol sa Bagong Herusalem—ang sukdukan at lubusang hakbangin ng dibinong kasaysayan—Apoc. 20:4, 6; 21:10.

**III. Ang unang apat na tatak na binuksan ng Korderong-Diyos ay nagbibigay sa atin ng kasaysayan ng mundo mula sa pag-akyat sa kalangitan ni Kristo hanggang sa katapusan ng kapanahunang ito (cf. 4:1-2; 5:1-14); ipinapakita ng mga ito na kaagad pagkatapos ng Kanyang pag-akyat sa kalangitan (Marc. 16:19-20) ay may karera ng apat na kabayo ang magpapatuloy sa buong kapanahunan ng ekklesia hanggang sa pagbabalik ni Kristo:**

A. Ang unang tatak ay binubuo ng isang puting kabayo at ang nakasakay dito, sumasgisag sa paglaganap ng ebanghelyo—Apoc. 6:1-2:

1. Ang busôg na walang pana ay sumasagisag na ang pakikipaglaban ni Kristo para sa pagbubuo ng ebanghelyo ng kapayapaan ay natapos at ang katagumpayan ay napanalunan

na; ang isang putong ay sumasagisag na ang ebanghelyo ay pinutungan ng kaluwalhatian ng ebanghelyo ni Kristo—2 Cor. 4:4.
2. *Humahayong lumulupig* ay nagpapahiwatig na ang ebanghelyo ay humahayo kasama si Kristo upang lupigin ang lahat ng uri ng oposisyon at pagsalakay—Apoc. 6:2.
3. Ang mga mandaraig na nagpapahayag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo ay nagiging ang mga nakasakay sa puting kabayo—Efe. 3:8-11; Rom. 1:1; Apoc. 19:11, 13-14.

B. Ang ikalawang tatak ay binubuo ng isang pulang kabayo at ang nakasakay dito, sumasagisag sa paglaganap ng digmaan—6:3-4:
1. Ang *pula* ay sumasagisag sa pagbubo ng dugo, at *isang dakilang tabak* ay sumasagisag sa mga sandata para sa pakikipaglaban.
2. *Upang alisin ang kapayapaan mula sa lupa* ay sumasagisag na ang digmaan ay nagpapatuloy sa lupa; *nagpapatayan ang mga tao* ay sumasagisag na ang mga tao ay maglalabanan sa isa't isa—b. 4; Mat. 24:7.

C. Ang ikatlong tatak ay binubuo ng isang itim na kabayo at ang nakasakay dito, sumasagisag sa paglaganap ng taggutom—Apoc. 6:5-6:
1. Isang timbangan, isang sukatân upang timbangin ang mga mahalagang bagay, ginagamit dito upang timbangin ang pagkain ay sumasagisag sa kasalatan ng pagkain; isang takal ng trigo, mainam na bayad para sa isang araw na pagtatrabaho, at tatlong takal ng sebada, isa ring mainam na bayad para sa isang araw na pagtatrabaho (Mat. 20:2), ay sumasagisag sa mataas na halaga ng pagkain sa kasalatan nito.
2. *Huwag ninyong saktan ang langis at ang alak* (ang langis at alak ay para sa kaluguran ng tao—Aw. 104:15—at laging kapos ang mga ito at nagiging mahalaga sa taggutom) ay sumasagisag sa presensya ng taggutom.

D. Ang ikapat na tatak ay binubuo ng isang maputlang kabayo at ang nakasakay dito, sumasagisag sa paglaganap ng kamatayan—Apoc. 6:7-8:
1. *Maputla* ay sumasagisag sa kulay ng hitsura niyaong mga tinamaan ng salot; ang Hades na sumusunod sa Kamatayan ay tumatanggap at hinahawakan ang mga pinatay ng kamatayan.
2. Ang awtoridad ay ibinigay sa Kamatayan at Hades sa ikaapat na bahagi ng lupa upang patayin ng tabak, ng taggutom, at ng kamatayan at ng mga ganid sa lupa—cf. vv. 9-11; Luc. 18:1-2, 7-8.

**IV. Ang paglaganap ng mga katotohanan ng pagbabawi ng Panginoon ay magiging isang paghahanda para sa pagbabalik ng Panginoon upang dalhin ang pagbabawi at pananauli hindi lamang ng Israel bagkus maging ng buong nilikha—Mat. 24:14; 28:19; 19:28; Isa. 11:9; cf.** Apoc**. 5:6-8:**

A. Kaagad matapos ang pag-akyat sa kalangitan ni Kristo, ang apat na bagay na ito—ang ebanghelyo, digmaan, taggutom, at kamatayan—ay nagsimulang tumakbo gaya ng mga nakasakay sa apat na kabayo, at sila ay magpapatuloy hanggang sa bumalik si Kristo—6:1-8:
1. Ang paglaganap, pagtakbo, at pagkarera ng ebanghelyo ng kaharian sa buong pinananahanang lupa ay ang sentro ng dibinong kasaysayan sa loob ng pantaong kasaysayan—Mat. 24:14.
2. Ang ebanghelyo ng kaharian, na isinagisag ng puting kabayo ng unang tatak sa Apocalipsis 6:1-2, ay ipapahayag sa buong lupa bilang isang patotoo sa lahat ng mga bansa bago ang pagtatapos ng kapanahunang ito, ang panahon ng matinding kapighatian.

B. Hindi tayo nagpapahayag ng parsyal na ebanghelyo bagkus ng buong ebanghelyo na nagpapaloob ng lahat mula sa Mateo hanggang Apocalipsis—ang ebanghelyo ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos upang ipamahagi ang Kanyang sarili sa loob ni Kristo bilang ang Espiritu tungo sa Kanyang mga pinili sa pamamagitan ng Kanyang pambatas pagtutubos at sa pamamagitan ng Kanyang organikong pagliligtas para sa pagtatayo ng Kanyang Katawan sa mga

ekklesia lokal upang pasukdulin ang Bagong Herusalem bilang ang Kanyang kasintahang babae, ang Kanyang asawang babae, para sa Kanyang walang hanggang kahayagan—1 Tim. 1:3-4; Rom. 1:1; 5:10; Apoc. 1:10-11; 21:2-3, 9-11; 22:1-2.

C. Sa katunayan, ang ebanghelyo ay kinapapalooban ng lahat ng mga dibinong katotohanan; ang buong Bagong Tipan ay ang ebanghelyo, at ang Bagong Tipan bilang ang ebanghelyo ay isinagisag ng Lumang Tipan; kaya, masasabi natin na ang ebanghelyo ay kinapapalooban ng buong Bibliya.

D. Ang bukod tanging layunin ng Diyos sa kapanahunang ito ay ang ipahayag ang ebanghelyo upang ang ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo ay maitayo upang pasukdulin ang Bagong Herusalem—Efe. 3:8-11.

E. Nawa ay bigyan tayo ng kabigatan ng Panginoon upang matutuhan ang mga dibinong katotohanan ng ebanghelyo at upang ipalaganap ang mga ito sa bawat dako para sa Kanyang pagbabawi—Isa. 11:9; Dan. 11:32b-33; 2 Tim. 2:21.

**V. Sa kasalukuyang kalagayan ng mundo, kailangan nating ilaan ang atin mga sarili at magtiyaga sa panalangin, habang kinikilatis ang "mga tanda ng mga kapanahunan"—Gawa 6:4; Col. 4:2; Mat. 16:3; Luc. 21:24-36; Mat. 24:3-14, 32-34; Rom. 13:11-14:**

A. Kailangan nating matanto na tayo ay nasa kalagitnaan ng "mga hapdi ng panganganak" (Mat. 24:8, 32-34), na "ang kaharian ng Diyos ay malapit na" (Luc. 21:31), at kaya, ating ipanalangin ang huling panalangin sa Bibliya—"Pumarito Ka, Panginoong Hesus!" (Apoc. 22:20); ang buong Bibliya ay nagtatapos sa kanaisan para sa pagdating ng Panginoon na inihayag bilang isang panalangin (cf. A. A. 8:13-14; 2 Tim. 4:8; Gawa 26:16); ang pagdating ni Kristo ay magiging ang Kanyang presensya (Gr. *parousia*) sa Kanyang bayan (Mat. 24:3; Gawa 26:15-16; Marc. 13:8; Juan 14:21, 23).

B. Kailangan nating manalangin na may lubos na pagkatanto ng pananaw ng Diyos sa pantaong kasaysayan sa pamamagitan ng pagkakita na ang ebanghelyo ay pinabibilis at labis na pinalalaki ng digmaan, taggutom, at kamatayan at sa pagkakita na kailangan nating matamo ang Diyos nang lubusan upang maisakatuparan ang gol ng Kanyang dibinong ekonomiya—Fil. 3:8, 12-14:

1. Matapos magrebelde laban sa Diyos, si Satanas ay hinatulan at sinintesyahan ng Diyos, subalit sa Kanyang karunungan at pagkasoberano, hindi pa lubusang isinagawa ang Kanyang paghahatol kay Satanas; binigyan pa rin Niya si Satanas ng isang limitadong panahon upang gumawa ng isang bagay upang matugunan ang negatibong pangangailangan sa pagsasakatupran ng Kanyang ekonomiya—Job 1:6-8; 2:1-6; cf. Juan 12:31.
2. Ipinapakita sa atin ng aklat ng Job na ang Diyos, sa pamamagitan ni Satanas ay isang "pangit na kasangkapan," na binabagsak si Job sa dalawang paraan: pagtalop at pagtupok; ang pagtalop at pagtupok ng Diyos ay inensayo kay Job upang ibagsak si Job upang matamo ng Diyos si Job upang kanyang higit na matamo ang Diyos; ang ating panlabas na tao ay tinutupok upang ang ating panloob na tao ay mapababago araw-araw—Fil. 3:8-10; 2 Cor. 4:16-18.
3. Ang mga pagdurusa ni Job ay hindi mga paghahatol ng Diyos kundi ang pagtalop, pagtupok, at pagbagsak ng Diyos upang magkaroon Siya ng basehan at isang daan upang muling itayo si Job ng Kanyang sarili, upang gawin si Job na isang Diyos-tao, isang bagong tao sa bagong paglikha ng Diyos—5:17; Gal. 6:15.
4. Sa pamamagitan ng Kanyang pagtalop, pagtupok, at pagbagsak na ibinabahagi ng Diyos ang Kanyang sarili tungo sa mga umiibig sa Kanya at naghahanap sa Kanya—Job 10:13; Efe. 3:9; cf. Juan 3:6; Fil. 3:3.
5. Ang layunin ng Diyos sa pagtutuos sa Kanyang banal na bayan ay yaong sila ay basyuhin mula sa lahat ng bagay at matanggap lamang ang Diyos bilang kanilang pagtamo; ang kanaisan ng puso ng Diyos ay ang tamuhin natin Siya nang lubusan bilang buhay, bilang ang tustos ng

buhay, at bilang lahat-lahat sa ating katauhan, na sa katapusan ay mapapasukdol sa Bagong Herusalem—Rom. 8:28-29.

6. Ang katapusan ng aklat ng Job ay nagsasabi sa atin na sa kalaunan ay nakita ni Job ang Diyos; sa Bagong Tipang pakahulugan, ang pagkakita sa Diyos ay katumbas ng pagtamo sa Diyos; ang makita ang Diyos ay ang matransporma tungo sa maluwalhating larawan ni Kristo, ang Diyos-tao, upang ating maihayag ang Diyos sa Kanyang buhay at katawanin Siya sa Kanyang awtoridad—42:5-6; 2 Cor. 3:18.
7. Lalo nating nakikita ang Diyos, nakikilala ang Diyos, at iniibig ang Diyos, lalo nating kasusuklaman ang ating mga sarili at lalo nating itatatwa ang ating mga sarili—Mat. 16:24; Luc. 9:23; 14:26.

C. Ayon sa panalangin ni Solomon sa 1 Hari 8:48, palagian nating kailangan na manalangin tungo sa Banal na Lupain, sinasagisag si Kristo bilang ang bahaging ipinarti ng Diyos sa mga mananampalataya (Deut. 8:7; Col. 1:12); tungo sa banal na lungsod, sumasagisag sa kaharian ng Diyos kay Kristo (Aw. 48:1-2); at tungo sa banal na templo, sumasagisag sa bahay ng Diyos, ang ekklesia, sa lupa (Efe. 2:21; 1 Tim. 3:15):

1. Si Daniel ay nanalangin nang tatlong ulit sa isang araw na binubuksan ang kanyang mga bintana patungo sa Herusalem; sa pamamagitan ng Kanyang tapat na daluyan ng panalangin, naisasagawa ng Diyos ang Kanyang ekonomiya sa Kanyang hinirang para sa pagdating ni Kristo—Dan. 6:10; Gawa 2:42; 6:4.
2. Makikinig ang Diyos sa ating panalangin kung ang ating panalangin sa Diyos ay patungo kay Kristo, sa kaharian ngDiyos, at sa bahay ng Diyos bilang ang gol sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos; ito ay nangangahulugan na ang ating panalangin ay dapat na nakatuon sa interes ng Diyos, yaon ay, kay Kristo at ang ekklesia bilang ang interes ng Diyos sa lupa, para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos.